

BATAS sa mga KARAPATAN ng BOTANTE



IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN



- Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - ★ isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - ★ nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - ★ hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - ★ hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.**

Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
- Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipatala ang iyong balota. Magagawa mong:
Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan ng isang bagong balota; o
Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan; o
Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-employo o kinatawan ng unyon.
- Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa county kung saan nakarehistro ka para makaboto.
- Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

ESPESYAL NA PAUNAWA

- Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa araw na nakalagay sa ipinadalang halimbawang balota.
- Ang mga tagubilin kung paano boboto, kabilang ang kung paano iboboto ang isang pansamantalang balota, ay makukuha mula sa isang trabahador sa botohan o sa pamamagitan ng pagbabasa ng impormasyon na ipinakoreo sa iyo ng inyong lokal na opisyal sa mga halalan.
- Kung ikaw ay isang botanteng bagong rehistro, maaaring hingan ka ng angkop na pagkakakilanlan o ibang dokumentasyon alinsunod sa pederal na batas. Pero tandaan na ang bawat tao ay may karapatang bumoto ng isang pansamantalang balota kahit na siya ay hindi nagbigay ng dokumentasyon.
- Labag sa batas na ipahayag ang sarili na karapat-dapat bumoto maliban kung nakakatugon ka sa lahat ng kinakailangan para makaboto sa ilalim ng pederal na batas at batas ng estado.
- Labag sa batas na likutin o pakialaman ang kagamitan sa pagboto.

Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

 Sa web sa www.sos.ca.gov

 Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**

 Sa pamamagitan ng email sa elections@sos.ca.gov